


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ika-apat na Markahan – Modyul 4

MGA ISYUNG MORAL TUNGKOL SA
KAWALAN NG PAGGALANG SA
KATOTOHANAN



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ika-apat na Markahan – Modyul 4: Mga isyung moral tungkol sa kawalan ng Paggalang
sa Katotohanan**

Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Vivian C. Apolonio

Editor: Georgina C. Ducayso

Tagasuri: Henrieta Bringas.

Tagalapat: Bernie R. Pamplona

Tagapamahala: Estela L. Cariño Rosita C. Agnasi

Carmel F. Meris Edgar Madlaing

Rizalyn A. Guznian, Sonia D. Dupagan

Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Stockfarm, Wangal

La Trinidad, Benguet

Telefax: (074) – 422 - 4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ika-apat na Markahan – Modyul 4:
Mga Isyung Moral Tungkol Sa
Kawalan Ng Paggalang Sa
Katotohanan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin 1

Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan



Alamin

Ang pagkamulat sa isyu tungkol sa kawalan ng paggalang at katotohanan ay nagtuturo ng mahahalagang aral sa buhay. Ito ay magiging paalaala sa mga masasamang epekto nito sa personal na buhay, pamilya at sa komunidad. Kapag namulat ang isa lalo na mula pagkabata, matutulungan itong maituwid ang mga landasing pwedeng humantong sa pagkakamali. Ang turong ito ay maipapasa din kalaunan sa mga inapo at magsisilbi bilang babalang halimbawa.

Kapag namulat ang isa sa kawalan ng paggalang at katotohanan, pwedeng mabawasan, kung hind man mawakasan ang gawaing katitisan ng maraming tao tulad ng pagsisinungaling, katiwalian, pagnanakaw at ilang mga krimeng may malaking kaugnayan sa kawalan ng paggalang at katotohanan.

KATOTOHANAN nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay.

Sa modyul na ito, iyong matutungahayan ang pagiging mulat sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan na siyang daan upang isulong at isabuhay ang pagiging mapanagutan at tapat na nilalang.

Layunin:

1. napatutunayang ang pagiging mulat sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan ay daan upang isulong at isabuhay ang pagiging mapanagutan at tapat na nilalang **(EsP10PI-IVc-14.3)**
2. nakabubuo ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan **(EsP10PI-IVd-14.4)**



Subukin

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **tama** kapag wasto ang diwa ng pangungusap at isulat ang **mali** kapag hindi wasto ang diwa nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Hindi dapat maging dahilan ng awayan ang pagkakaiba ng babae at lalaki.
2. Ang pagtutol ng magulang sa pakikipagrelasyon ay dapat pag-isipan at bigyan ng konsiderasyon.
3. Marapat itakda ang mga moral na batayan sa pakikipag-ugnayan.
4. Hindi mahalagang makilala mo nang lubusan ang iyong makakasama sa buhay dahil ang mahalaga ay ang inyong pagmamahalan.
5. Ang sekswalidad ay mabuti at sagrado.
6. Walang limitasyon ang pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian.
7. Walang kontrol ang tao sa kanyang damdamin.
8. Ang sekswalidad ay may kaugnayan sa kaisipan, emosyon at ispiritwal na katangiang taglay ng pagiging babae at lalaki.
9. Ang hangarin ng Diyos sa pag-aasawa ay panghabambuhay.
10. Ang pakikipagrelasyon ay nangangailanng masusing pagpapasiya.
11. Dapat maging malinaw sa isang tao ang kanyang pangunahing layunin sa buhay.
12. Maging mapanuri sa mga makabagong gawi ng mga kabataan tungkol sa pakikipag-ugnayang sekswal.
13. Ang paggalang sa sekswalidad ay hindi pagpapatunay ng mataas na pagtitiwala at respeto sa sarili.
14. Isabuhay ang pagtitimpi upang mapigil ang sarili mula sa kapusukan.
15. Huwag balewalain ang mga pangaral at mga inaasahan ng magulang sa iyo.



Balikan

Panuto: Isulat ang T sa patlang kung tama ang isinasaad ng pangungusap at M naman kung mali.

- ___ 1. Ang pagsasabi ng katotohanan ay isang magandang ugali ng isang indibidwal.
- ___ 2. Ang pagiging tapat ay ipinapapakita lamang sa salita.
- ___ 3. Ang pagsasabi ng angkop na salita sa pakikipag-usap ay inaasahan sa bawat isa.
- ___ 4. Ang isang taong mapagkumbaba ay may respeto sa kanyang kapwa.
- ___ 5. Mas mainam na ipakita ang pagiging tapat sa salita at sa gawa.



Tuklasin

Panuto: Basahin at pag-aralan mabuti ang mga teksto sa ibaba, ipagpalagay ang iyong sarili na nasa sitwasyon at magbigay ng resolusyon dito. Sagutin ang mga nakalaang tanong sa bawat sitwasyon.

Unang Teksto

Dahil sa takot na maparusahan ng kaniyang ama, ang isang mag-aaral sa kolehiyo na nakakuha ng bagsak na marka sa isa niyang asignatura, ay gumawa ng isang pandaraya na gawin itong pasado.

Mga Tanong:

- a. Nabigyan ba ng sapat na katwiran ng mag-aaral ang kaniyang ginawang pandaraya? Bakit?
- b. Sa iyong palagay, ano ang nararapat gawin? Ipaliwanag?

Mga mungkahing resolusyon

- a. _____
- b. _____

Ikalawang Teksto

Dahil sa mababang presyo ng mga pirated CD, mas gusto pa ng ilan na tangkilikin ito kaysa sa bumili ng orihinal o di kaya ay pumila at manood sa mga sinehan.

Mga Tanong:

- a. Makatuwiran ba ang ang pagbebenta ng mga pirated CD?
- b. May posibilidad bang gawin mo rin ang pagbili ng pirated CD? Bakit?

Mungkahing resolusyon

- a. _____
- b. _____

Ikatlong Teksto

Dahil sa pagtrabaho ni Lorna mababa ang kaniyang nakuha sa kanilang pagsusulit, kaya napilitan siyang itago ito sa kaniyang mga magulang.

Mga Tanong:

- a. Tama ba na ilihim ni Lorna ang kanyang sitwasyon?
- b. Kung ikaw si Lorna, gagawin mor in ba ang kanyang ginawa o magsasabi ka ng katotohanan sa iyong mga magulang?
Ipaliwanag?

Mungkahing resolusyon

- a. _____
- b. _____



Suriin

Ang pagiging mulat sa mga katotohanan ay nakatutulong sa isang tao upang mabatid at maobserbahan ang kanyang ginagalawang mundo, kaya naman mainam ay magkaroon ng kaalaman sa mga kaganapan sa kasalukuyan panahon bago ito gawin upang makilatis ng husto mga impormasyon. Upang makagawa ng matalinong pagpapasiya kailangan ng gabay at suporta ng pamilya, kaibigan at kapwa.

Ang katotohanan ay kalagayan o kondisyon ng pagiging totoo, upang matamo ito, inaasahan na maging mapagpahayag ang bawat isa sa kung ano ang totoo sa simple at tapat na paraan. Dahil dito, Malaya ang isang tao na gamitin ang wika sa maraming paraan lalo na sa pakikipagtalastasan. Higit pa rito, nagagamit ito bilang instrument sa pag-alam ng katotohanan.

Ang pagsisinungaling ay isang lason na humahadlang sa bukas at kaliwanagan ng isang bagay o sitwasyon na nararapat na mangibabaw sa pagitan ng mga tao sa isang grupo o lipunan.

Kaya ang Misyong ng Katotohanan ay nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay. Ang pagsukat ng kaniyang katapatan ay nangangailangan ng pagsisikap na lamin ang katotohanan. Sa bawat tao na naghahanap nito, masusumupungan lamang niya ang katotohanan kung siya ay naninindigan at walang pag-aalinlangan na sundin, ingatan, at pagyamanin. Ang sinumang sumusunod dito ay nagkakamit ng ginhawa sa buhay (comfort life) na may kalakip na kaligtasan, kapanatagan, at pananampalataya.

Ang pagsasabi ng totoo ay mahalaga sa paninindigan ng katotohanan. Ang tunay nitong halaga ay ang pagiging isa at matatag na ugnayan sa pagitan ng wika at kaalaman. Maipapakita ito sa paglilipat ng kaalaman patungo sa pagsasawika nito. Ito ay malayang pagpapahayag sa kung ano ang nasa isip. Ipinahihiwatig na kung ano ang wala sa isip ay hindi dapat isawika. Sa ganitong paraan, ang pagsisinungaling o hindi pagkiling sa katotohanan ay magaganap.

Ang isang tao ay nilikha na may pananagutan sa kaniyang kilos, kabilang dito ang may kamalayan at kaalaman sa makataong kilos. kung mapapanindigan ng tao ang kaniyang kilos at reaksiyon sa isang sitwasyon, matatamo niya ang mataas na pagpapahalaga dahil mas higit ang pagpili niya na umanib sa katotohanan at maging mapanagutan sa aspektong ito.

Tatlong uri ng kasinungalingan:

1. **Jocose lies**- isang uri na kung saan sinasabi o sinasambit para maghatid ng kasiyahan lamang. Ipinapahayag ito upang magbigay-alihw ngunit hindi sadya ang pagsisinungaling.

Halimbawa: Pagkukuwento ng isang nanay tungkol sa Santa Claus na nagbigay ng regalo sa isang bata dahil sa pagiging masunurin at mabait nito.

2. **Officious lies**- tawag sa isang nagpapahayag upang maipagtanggol ang kaniyang sarili di kaya ay paglikha ng isang usaping kahiya-hiya upang dito maibaling. Ito ay isang tunay na kasinungalingan, kahit na gaano pa ang ibinigay nitong mabigat na dahilan.

Halimbawa: Ang isang mag-aaral na idinahilan ang kaniyang pagliban sa klase nang nakaraang araw dahil sa pagkamatay ng kaniyang ama, na ang totoo ay noong nakaraang taon pa ito yumao.

3. **Pernicious lies**- ay nagaganap kapag ito ay sumisira ng reputasyon ng isang tao na pumapabor sa interes o kapakanan ng iba.

Halimbawa: Pagkakalat ng maling bintang kay Pedro ng pagnanakaw niya sa wallet ng kaniyang kaklase na hindi naman siya ang kumuha nito.

Lihim, Mental Reservation at prinsipyo ng Confidentiality.

- **Lihim**- pagtatago ng mga impormasyon na hindi pa naibubunyag o naisisiwalat. Ito ay pag-angkin ng tao sa tunay na pangyayari o kuwentong kaniyang nalalaman at hindi kailanman maaaring ihayag sa maraming pagkakataon nang walang pahintulot ng taong may-alam dito.
 - a. **Natural secrets**- ay mga sikreto na nakaugat mula sa likas na batas moral.
 - b. **Promised secrets**- ito ay mga lihim na ipinangko ng taong pinagkatiwalaan nito.
 - c. **Committed o entrusted secrets**- naging lihim bago ang mga impormasyon at kaalaman sa isang bagay ay nabunyag. (hayag o di- hayag)
- **Mental Reservation**- ito ay maingat na paggamit ng mga salita sa pagpapaliwanag na kung saan ay walang ibinibigay na tiyak na impormasyon sa nakikinig kung may katotohanan nga ito.
- **Prinsipyo ng Confidentiality** - ang pagsasabi ng totoo ay nagpapahayag sa mas malalim na pag-iisip, pananalita, at pagkilos bilang isang taong nagpapahalaga sa katotohanan.


Intellectual Honesty (karapatan sa Intelektwal)

- Ito ay hindi hinahayaang ang sarili pananampalataya o paninindigan na makakaapekto sa pagtupad ng tama.

Plagiarism- isang paglabag sa (intellectual honesty). Ito ay isyu na may kaugnay sa pananagutan sa pagpahayag ng katotohanan at katapatan sa mga datos.

Intellectual Piracy- paglabag sa karapatang-ari(copyright infringement), nagpapakita sa paggamit nang walang pahintulot sa mga orihinal na may gawa.

Whistleblowing- isang akto o hayagang kilos ng pagsisiwalat mula sa tao na karaniwan ay empleyado ng gobyerno o pribadong organisasyon o korporasyon.



Pagyamanin

Gawain 1

Isulat ang titik na tumutukoy sa bawat sitwasyon:

A- katotohanan/ katapatan

B- Pagrespeto/paggalang

C- Maling Pag-uugali

SITWASYON	SAGOT
Halimbawa: si Ronie ay nagsasabi palagi ng masasamang salita	C
1. Isinauli ni James ang sobrang sukli sa tindera	
2. Laging nagmamano si Charles sa kanyang Lolo at Lola tuwing sila ay nagkikita	
3. Mahilig mang-asar ang kapatid ni Ricky kaya naman lagi itong napapaaway	
4. Inamin ni Charles na siya ang nakabasag ng paso kaso pinagalitan rin ito ng kanyang nanay.	
5. Ang mga kabataan ay pinapaunang patawirin ang mga nakakatanda.	
6. Ang mga tao sa baryo Juno ay gumagamit ng “po at opo” sa pagkikipag-usap.	
7. Madalas inaalalayan ni Jose ang kanyang Lola sa pag-akyat sa hagdanan dahil ito ay nahihirapan ng maglakad	
8. Ayaw sundin ni Jelly ang mga payo ng kanyang magulang	
9. Hindi iniisip ni Pedro ang maliit na sahod sa pinapasukang trabaho, bagkus iniisip na niya ito ay isang biyaya	
10. Si Myrna ay may paninindigan sa kaniyang mga salita.	

Pagtataya I

Panuto: Tukuyin ang bawat pangungusap kung ito ay tama o mali. Isulat ang titik **T** kung ito ay nagsasaad ng tamang ideya at **M** kung ito naman ay maling ideya. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang pagpapahayag ng katotohanan ay tunay na mabuti at matuwid na gawain at walang pasubali na isa itong moral na obligasyon ng tao.
2. Ang pagmamahal sa katotohanan o pagiging makatotohanan ay dapat maisabuhay.
3. Kasinungalin ang nagingibabaw dahil sa kawalan ng Katotohanan.
4. Mas mainam manahimik kaysa magkamali ng mga sasabihin.
5. Ang sinumang sumusunod sa katotohanan ay nagkakamit ng kaluwagan sa buhay.
6. Ang paggalang sa katotohanan ay kahanga-hangang pag-uugali.
7. Whistleblower ang tawag sa taong naging daan ng pagbubunyag o pagsisiwalat ng mga maling asal
8. Ang pagsasabi ng katotohanan ay pagpapairal ng kung ano ang inaasahan sa atin bilang tao at mapanagutang mamamayan sa lipunan
9. Ang pagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa dignidad ng sarili at ng kapwa ay halimbawa ng magandang-asal.
10. Isabuhay ang katotohanan huwag hayaang ang kasinungalingan ang mangibabaw sa ating buhay at lipunan.

Gawain 2

Panuto: Hanapin ang kahulugan ng bawat salita na nasa hanay A sa hanay B na may kaugnayan sa pagiging mulat sa katotohanan. Isulat ang titik lamang ng tamang sagot.

HANAY A

1. Kasinungalingan
2. Mulat
3. Lihim
4. Paggalang
5. Pagmamahal sa katotohanan

HANAY B

- a. pagiging makatotohanan na dapat pairalin at isabuhay
- b. pagiging malawak ang pang-unawa
- c. pagtatago ng impormasyon na hindi pa nabubunyag o
- d. kalagayan o kondisyon ng pagiging totoo
- e. isang lason na humahadlang sa bukas at kaliwanagan ng isang bagay o sitwasyon na nararapat na mangibabaw.

Pagtataya 2

Panuto: Hanapin ang nakatagong mensahe sa loob ng kahon tungkol sa katotohanan.

Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel at gumawa ng pangungusap gamit ang mga salitang nakita sa kahon.

I	S	A	B	U	H	A	Y	N	A	N	G	N	G	A
K	I	L	O	S	M	A	B	U	T	I	U	G	I	B
I	K	A	T	O	T	O	H	A	N	A	N	N	G	O
A	M	A	S	A	M	A	N	H	K	A	A	I	O	N
D	H	U	W	A	G	N	A	B	A	P	B	U	N	A
A	B	B	A	H	A	Y	A	A	N	N	A	B	A	A
K	A	S	I	N	U	N	G	A	L	I	N	G	A	N
A	N	G	M	A	N	G	I	B	A	B	A	W	Y	A
S	A	G	A	T	I	N	G	O	B	U	H	A	Y	D
A	T	U	A	W	A	I	O	N	U	M	A	E	V	A
M	U	E	L	I	P	U	N	A	N	O	G	A	B	A

Panuto: Gumuhit ng poster slogan tungkol sa pagpapahalaga at paggalang sa katotohanan lalo na ngayong panahon ng pandemya, kung saan nakakaranas kayong mag-aaral ng tinatawag nating “new normal” sa larangan ng edukasyon kung saan modyul ang pangunahing ginagamit sa pag-aaral. Kung kayo ba ay nagiging totoo sa paggawa ng iyong mga Gawain? Gamitin ang rubrik bilang batayan sa paggawa.

Rubrics sa Paggawa ng Poster Slogan

Pamantayan	Indikator	5 puntos bawat Pamantayan	Puntos na Nakuha
Nilalaman	Naipakita at naipaliwanag nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsepto sa paggawa ng poster slogan		
Kaangkupan ng Konsepto	Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng Konsepto		
Pagkamapanlikha (Originality)	Orihinal ang ideya sa paggawa ng poster slogan		
Kabuuang Presentasyon	Malinis at maayos ang kabuuang presentasyon		

Pagkamalikhain (Creativity)	Gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, konsepto, at mensahe		
	Kabuuan	20 puntos	



Isaisip

Talaan	Opinion 1	Opinion 2	Opinion 3
Layunin	Ikondena ang kapatid na mali ang gawaing pagpupuslit at may responsibilidad kang iparating ito sa management ng ospital	Protektahan ang kapatid bilang kadugo at tanawin ang mga naitulong noong ikaw ay nag-aaral pa.	Lihim na ipalaam sa mga pasyente ang maling gawain ng kapatid
Mga pagpipilian / paraan	Ilatag sa kapatid ang mabuti at di mabuting dulot ng pagpupuslit at maging bukas na may kaso siyang dapat harapin	Manahimik at huwag ipagsabi sa iba ang nalalaman upang protektahan ang kapatid	Payuhan ang mga pasyente na magsampa ng kaukulang kaso laban sa mga nagpupuslit kabilang ang iyong kapatid.
sirkumstansiya	Mabibigyan ng pagkakataon ang kapatid na maitama at maituwid ang maling gawa	Magpapatuloy ang masamang gawain at posibleng mas lumala ang pagnanakaw	Mabibigyang hustisya o katarungan ang mga pasyente na niloko gayundin upang hindi na matularan ng iba pa.
Kahihinatnan	Maaaring masira ang inyong magandang ugnayan bilang magkapatid	Magpapatuloy ang magandang ugnayan sa pagitan ninyong magkapatid	Maaaring masira ang inyong magandang ugnayan bilang magkapatid



Isagawa

A. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon na nasa kahon at suriin ang iyong mapanagutang kilos na gagawin sa talaan.

Malaki ang utang na loob ni Rudy sa kaniyang Ate Cecil na isang Head Nurse sa malaking ospital sa Maynila. Dahil sa paghanga rito, kumuha rin siya ng kursong nursing. Nang siya ay nakatapos, tinulungan siya ng kaniyang ate na makapasok at mapabilang sa ospital na pinapasukan nito. Lalo siyang nagkaroon ng mataas na pagtingin at respeto sa kaniyang kapatid dahil sa naitulong nito sa kaniya. Nagkaroon ng pagkakataon na nagkasama sila sa isang departamento sa pareho ding shift. Sa mga pang-araw-araw na routine sa ospital, napapansin niya na sa kanilang pag-uwi ay laging may uwing bag ng mga gamot ang kaniyang Ate. Lingid sa kaalaman niya, matagal na palang ginagawa ni Cecil ito mula pa noong siya ay nag-aaral pa lamang. Ibinebenta ito ni Cecil sa isang maliit na pharmacy malapit sa pamilihan sa kanilang lungsod. Dumating ang pagkakataon at nalaman niya ang maling gawaing ito ng kaniyang Ate. Nang minsan silang nagharap tungkol sa isyung ito, umamin si Cecil sa kaniya na totoong nagpupuslit ito ng mga gamot at ito rin ang naging daan at paraan upang makatapos siya ng pag-aaral sa kolehiyo. Dapat bang isiwalat ni Rudy ang maling gawain ng kaniyang kapatid.

Suriin ang talaan sa ibaba para sa iyong puntos

A. Ikaw ngayon ay bibigyan ng pagkakataon na makabuo ng mga hakbang sa paninindigan at paggalang sa katotohanan sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa bawat espasyo na nakalaan.

Mga Sitwasyon	Ang gagawin ko	Paliwanag
1. Gahol ka na sa oras upang magkalap ng mga impormasyon tungkol sa iyong research. Nakatakda itong ipasa ikatlong araw mula ngayon. Sa isang site ng internet ay may nakita kang kahawig ng iyong research. Ano ang iyong gagawin?		

<p>2. May paborito kang movie title na kasama ang hinahangaan mong artista. Matagal mo na itong nais panoorin. May isang nag-alok sa iyo sa murang halaga at may libre pa itong kasamang dalawa pang panoorin sa P200 na halaga nito. Kasama ka sa adbokasiya ng kampanya sa Anti-piracy sa inyong paaralan. Ano ang iyong gagawin?</p>		
<p>3. May isa kang ka-opisina na madalas dumaraing ng tungkol sa ugali at sistema ng pamumuno ng inyong boss. Nagdedetalye na rin siya ng mga anomalyang ginagawa nito at nagbabanta na rin ng kaniyang plano na gumawa ng isang anonymous letter bilang ganti sa kalupitan nito sa kaniya. Ano ang iyong gagawin?</p>		



Tayahin

- A. Sa pagkakataong ito, basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap tungkol sa tunay na kalayaan, piliin ang tamang letra ng iyong sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.
1. Ito ay mga sikreto na nakaugat sa likas na batas moral.
 - a. natural secrets
 - b. promised secrets
 - c. committed secrets
 2. Ito ay lihim na ipinangako ng taong pinagkatiwalaan nito
 - a. natural secrets
 - b. promised secrets
 - c. committed secrets
 3. Ito ay naging lihim bago ang mga impormasyon at kaalaman sa isang bagay ay nabunyag.
 - a. natural secrets
 - b. promised secrets
 - c. committed secrets
 4. Pagkukuwento ng isang nanay tungkol sa Santa Claus na nagbigay ng regalo sa isang bata dahil sa pagiging masunurin at mabait nito.
 - a. Jocose lies
 - b. Officious lies
 - c. Pernicious lies
 5. Pagkakalat ng maling bintang kay Pedro ng pagnanakaw niya sa wallet ng kaniyang kaklase na hindi naman siya ang kumuha nito.
 - a. Jocose lies
 - b. Officious lies
 - c. Pernicious lies
 6. Ang isang mag-aaral na idinahilan ang kaniyang pagliban sa klase nang nakaraang araw dahil sa pagkamatay ng kaniyang ama, na ang totoo ay noong nakaraang taon pa ito yumao.
 - a. Jocose lies
 - b. Officious lies
 - c. Pernicious lies
 7. Sa pangkalahatan, ang katotohanan ay dapat mapanindigan at ipahayag nang may katapangan sa lahat ng pagkakataon sapagkat ito ang nararapat gawin ng isang matapat at mabuting tao. Bakit mahalagang matandaan ang pahayag na ito?
 - a. Dahil ito ang katotohanan
 - b. Dahil ito ang nararapat gawin ng isang tapat at mabuting tao
 - c. Dahil ito ang maghahatid sa tao ng paghanga at paggalang
 - d. Dahil ito ay para sa kabutihang panlahat.

8. Ang katotohanan ang nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay. Sa bawat tao na naghahanap nito, masusumpungan lamang niya ang katotohanan kung siya ay naninindigan at walang pag-aalinlangan na ito ay sundin, ingatan at pagyamanin. Ano ang kalakip nitong kaluwagan sa buhay ng tao?
 - a. Kaligayahan at karangyaan
 - b. Kapayapaan at kaligtasan
 - c. Kaligtasan at Kapanatagan
 - d. Katahimikan at kasiguraduhan

9. Matagal nang napapansin ni Celso ang mga maling gawi ng kaniyang kaklase sa pagpapasa ng proyekto. Alam niya ang mga batas ng karapatang-ari (copyright), dahil dito, nais niya itong kausapin upang mabigyan ng babala sa kung ano ang katapat na parusa sa paglabag dito. Tama baa ng kaniyang gagawing desisyon?
 - a. Tama, sapagkat ito ay nasa batas at may parusa sa sinumang lumabag nito
 - b. Tama, sapagkat ito ay para sa ikabubuti ng kaklase
 - c. Tama, sapagkat ito ay karapatan din ng taong sumulat o may-ari ng katha
 - d. Tama, sapagkat ito ay kaniyang obligasyon sa kapwa.

B. Ibigay ang sariling opinyon tungkol sa mga tanong na may kinalaman sa pagiging mulat sa katotohanan.


11. Ano ang katotohanan para sa iyo?
12. Bakit kinakailangang panindigan ang, katotohanan?
13. Sa iyong palagay, ano-ano ang mga balakid o hadlang sa paninindigan sa katotohanan.
14. Ano-ano ang mga isyung may kinalaman sa katotohanan? Isa-isahin ang mga ito at ipaliwanag kung paano mo maisusulong ang pagiging mapanagutan at tapat na nilalang sa bawat isyu.
15. Paano maisasabuhay ng isang tao ang kaniyang pagiging tapat sa katotohanan?



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng sanaysay na nagsasaad sa mga maling impormasyon at katotohanan tungkol sa Coronavirus (COVID-19) na nararanasan natin sa kasalukuyan. Gamiting gabay ang rubrik na nasa ibaba.

Antas ng Pamantayan	Kahanga-hanga (100-96)	Mahusay (95-88)	Magaling (87-80)	Pagbutihin pa (79-pababa)
Nilalaman (40%) (Kabuluhan at kahalagahan)	Ang kabuluhan ay nakita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay mahalaga.	Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at Kahalagahan.	May kaunting bura sa sanaysay gayundin ang nilalaman ay hindi gaanong makabuluhan	Hindi batid ang kabuluhan at kahalagahang sa sanaysay
Pagkamalikhain (30%) (Disenyo at kagamitan)	Ang kabuuan ng sanaysay ay makulay, masining at natatangi	Ang sanaysay ay masining at natatangi	Ilan sa mga salitang ginamit ay karaniwan na	Hindi kita ang pagkamalikhain sa paggawa ng sanaysay
Istilo 20 % (Pagsulat)	Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at may lohika	Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at may lohika	Ilan sa mga salita ay hindi malinaw	Hindi malinaw ang istilo ng pagsulat
Tema 10 % (kaisahan)	Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan	Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema	Ilan sa nilalaman ay hindi kaugnay sa tema	Walang kaisahan ng ideya sa tema



Susi sa Pagwawasto

Mga Sagot

<p>1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Mali 5. Tama 6. Tama 7. Tama 8. Tama 8. Tama 9. T 10. T</p> <p style="text-align: center;">Pagtatayaya I</p> <p>1. T 2. T 3. T 4. M 5. T 6. T 7. T 8. T 9. T 10. T</p> <p style="text-align: center;">Pagtatayaya 2</p> <p>1. E 2. D 3. C 4. B 5. A</p> <p style="text-align: center;">Pagtatasa 2</p> <p>Isabuhay ang katotohanan huwag hayayang ang kasinungalingan ang mangisingibabaw sa ating buhay at lipunan.</p>	<p>Subukin</p> <p>1. Tama 2. tama 3. Tama 4. Mali 5. Tama 6. Tama 7. Tama 8. Tama Balikan 1. T 2. M 3. T 4. T 5. T Tuklasin Answers may vary</p> <p style="text-align: center;">Pagyamanin</p> <p>Gawain I</p> <p>1. A 2. B 3. C 4. A 5. B</p> <p style="text-align: center;">Gawain 2</p> <p>1. A 2. B 3. C 4. A 5. B 6. A 7. B 8. C 9. A 10. A</p>
--	--

<p>Answers may vary</p> <p style="text-align: center;">Karagdagang gawin</p> <p>Answers may vary</p>	<p>Answers may vary</p> <p>Isagawa</p> <p>A. Answers may vary B. Answers may vary</p> <p style="text-align: center;">Tayahin</p> <p>A. 1. A 2. B 3. C 4. C 5. B 6. A 7. A 8. B 9. A</p>
--	---

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao 10 pp. 303-339

<https://quizlet.com/495806274/modyul-15-mga-isyung-moral-tungkol-sa-kawalan-ng-paggalang-sa-katotohanan-flash-cards/>

<https://www.coursehero.com/file/p5o8pesm/Mga-Isyung-Moral-Tungkol-sa-Kawalan-ng-Galang-sa-Katotohanan-Pagsasabi-ng-totoo/>

<https://www.facebook.com/83achivercmo/posts/maging-mulat-sa-katotohanan-at-huwag-magpapalinlangang-karahasay-walang-maidudul/2065248320160659/>

<https://www.coursehero.com/file/p5o8pesm/Mga-Isyung-Moral-Tungkol-sa-Kawalan-ng-Galang-sa-Katotohanan-Pagsasabi-ng-totoo/>

<https://brainly.ph/question/2117284>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph